

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Kinikilala ng Brampton Citizens Awards ang outstanding na mga residente

BRAMPTON, ON (Mayo 12, 2022) – Kinikilala at pinararangalan ng Lungsod ng Brampton ang mga atleta, volunteer at lokal na mga bayani ng komunidad na nagkamit ng outstanding accomplishments sa 2021.

Kinikilala ng Brampton Citizens Awards ang mga residente na nakagawa ng makahulugang kontribusyon o nagkaroon ng malaking achievement sa isa sa sumusunod na mga kategorya sa panahon ng 2021 taon ng kalendaryo:

- Ang [Sports Achievement Award](#) ay kumikilala sa mga indibidwal at mga team kanino ang mga tagumpay sa isport ay kinilala sa Panlalawigan, Pambansa o Pandaigdigang lebel.
- Ang [Ken Giles Amateur Athlete of the Year Award](#) ay ipinipresenta sa isang outstanding na indibidwal na nakagawa ng mahalagang epekto at/o katangi-tanging tagumpay sa amateur na antas ng kani-kanilang isport.
- Ang [Arts Acclaim Award](#) ay kumikilala sa mga indibidwal sa sining kanino ang mga ambag ay nagkaroon ng malaking epekto kaugnay ng pagkamit sa lokal, Panlalawigan o Pandaigdigang parangal.
- Ang [Long Term Service Award](#) ay kumikilala sa mga dedicated na volunteer kanino ang mga pagsisikap ay nakagawa ng malaking epekto sa pag-unlad at pagpapasulong ng panlibangang isport, sa sining at sa mga panlipunang serbisyo ng komunidad.
- Ang [Inspirational Award](#) ay kumikilala sa mga residente ng Brampton na nagtataguyod o gumagawa ng makataong aksyon, o nagkaroon ng panghikayat na impluwensya sa iba.
- Ang [Citizens of the Year Awards](#) ay kumikilala sa mga volunteer ng Brampton sa lahat ng edad na nagpakita ng pakikilahok sa mapagmahal, dedicated na komunidad sa 2021.

Ang lahat ng nominasyon ay nirebyu ng isang Selection Committee ng mga kasapi ng komunidad na eksperto sa paksa sa mga kategorya ng award kasama ang mga napiling opisyal, ang Brampton Fire and Emergency Services, ang Brampton Sports Alliance, ang Brampton Seniors Council at ang Peel Regional Police.

Ang mga tatanggap ng 2021 Brampton Citizen Award ay kikilalanin sa isang seremonya sa Mayo 25 sa Rose Theatre. Tingnan ang isang talaan ng lahat ng tatanggap ng award sa brampton.ca/citizensawards.

Mga Quote

“Ang Brampton Citizens Awards ay nagbibigay sa atin ng mahalagang pagkakataon para makilala ang outstanding na mga residente at kanilang mga ambag bilang mga atleta, artist, boluntaryo at lokal na mga bayani. Salamat sa lahat na nagbigay ng mga nominasyon. Ang mga award ay nag-uukit ng dangal, kumikilala sa mga lokal na mamamayan para sa kanilang makahulugan na mga kontribusyon at hinihikayat ang lahat sa Brampton na mag-ambag sa kanilang komunidad.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Mula 1974, atagal nang tradisyon na kilalanin ang mga ambag ng mga tao sa ating komunidad sa Brampton Citizens Awards. Excited tayo na ipagdiwang ang mga residente na nakagawa ng malaking epekto sa 2021 sa the Rose Theatre at hinihikayat ang mga residente na mas malaman pa ang iba pa tungkol sa kanila sa brampton.ca/citizensawards.”

- *Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4; Chair, Citizens Awards Committee, Lungsod ng Brampton*

“Ang mga Bramptonian ay nakakagawa ng kaibahan sa ating komunidad araw-araw, at ang Citizens Awards ay nagbibigay sa atin ng pagkakataon na kilalanin ang kanilang passion at mga ambag. Salamat sa lahat ng tatanggap para sa inyong makahulugang ambag sa buong 2021.”

- *Harkirat Singh, Konsehal ng Lungsod, Wards 9 at 10; Chair, Corporate Services, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton ay puno ng passionate at inspiring na mga residente na nakakagawa ng tunay na kaibahan sa ating komunidad. Ipinagmamalaki ng Lungsod ng Brampton na makilala ang putstanding na mga ambag ng ating mga tatanggap ng 2021 Brampton Citizens Awards.

- *Paul Morrison, Interim Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](https://twitter.com/brampton), [Facebook](https://facebook.com/brampton), at [Instagram](https://instagram.com/brampton). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca

